Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin. Layunin nitong tulungan kang maunawaan ang nilalaman ng Abiso.
Ang bersyong Hapon ang opisyal na dokumento na inilathala ng public health center.
Ang isinalin na dokumentong ito ay hindi opisyal na dokumento.

①

○○Health No.
Taon Buwan Araw

G./Gng./Bb:___________________

Pinuno ng health center ○○ ng Aichi Prefecture

# Abiso ukol sa Limitasyon sa Pagtrabaho

Ayon sa resulta ng pagsusuri, natagpuan na ikaw ay may impeksiyon ng sakit na Tuberkulosis at ang sakit na ito ay itinutukoy sa Artikulo 6 ng *Alintuntunin sa Pag-iwas sa Nakakahawang sakit at Medikal na Pangangalaga sa mga Pasyente na may Nakakahawang sakit* (itinutukoy ito bilang "batas").

Samakatuwid, mangyaring tandaan na may limitasyon ang pagtratrabaho ayon sa nakasulat sa 2 sa ibaba, batay ito sa probisyon ng Seksiyon 2 ng Artikulo 18 ng batas.

Ang paglabag sa limitasyon na ito ay may pataw na multa, na hindi lalagpas sa halagang 500,000 yen ayon sa probisyon ng Seksiyon 4 ng Artikulo 77 ng batas.

Gayunpaman, Alinsunod sa Seksiyon 3 ng Artikulo 18 ng batas, maari kang humingi sa pinuno ng Health Care Center ng kumpirmasyon upang malaman kung tapos na ang binigay na termino ng limitasyon sa pagtratrabaho.

1. Karamdaman
   (1) Sintomas ___________________________________________
   Ubo, Plema, Lagnat, Pananakit ng dibdib, Hirap sa paghinga, Atbp（ ）, Wala
   (2) Paraan ng pag-eksamen ___________________
   (3) Petsa ng unang eksamen ___________________
   (4) Petsa ng eksamen ___________________

2. Mga Limitasyon sa pagtrabaho
   (1) Uri ng trabaho na restriktado
   Serbisyo o trabaho na may kaugnayan sa pakikihalubilo sa maraming tao.
   (2) Termino ng Limitasyon
   Ito ay restriktado hanggang sa mawala ang taglay na mikrobyo o nawala na ang sintomas nito.

3. At iba pa
   (1) Kapag nawala na ang sintomas ng nakakahawang sakit, ipagbigay-alam ito sa Health Care Center.
   (2) Kung hindi kayo nasisiyahan sa kapasyahang ito, maaari kayong humiling nang inspeksyon sa Gobernador ng Aichi Prefecture, sa loob ng tatlong buwan simula sa sumunod na araw ng petsa ng pagtanggap ninyo ng abisong ito.
   (3) Kung hindi ka nasisiyahan sa kapasyahang ito, bukod sa nakasaad sa (2) sa itaas, maari kayong magsampa ng demanda sa pagkakansela sa kapasiyahang ito laban sa Aichi Prefecture bilang akusado (sa kaso sa korte, ang kumakatawan sa Aichi prefecture ay ang gobernador ng Aichi), sa loob ng anim na buwan simula sa sumunod na araw na petsa ng pagtanggap ninyo ng abisong ito.
   (4) At kapag humiling nang inspeksiyon sa nakasaad sa (2) sa itaas, ang demanda sa pagkakansela sa kapasiyahang ito ay maaring isampa laban sa Aichi Prefecture, sa loob ng anim na buwan simula sa sumunod na araw na petsa ng pagtanggap ninyo ng resulta ng inyong hiniling na inspeksyon.

Nangangasiwa: Dibisyon ng Suporta ng Kalusugan